# Mag-ingat sa mga pag-aalok para sa set na kontrata sa smartphone!

Kapag pumunta sa isang shop para pumirma ng kontrata sa smartphone, may mga pagkakataong aalukin kayo ng "sulit" na set na kontrata




May mga natatanggap kaming konsultasyon tungkol sa pag-aalok na pumirma ng kontrata tulad ng optic fiber para sa internet atbp. sa pamamagitan ng sales talk na "magiging mura ang bayarin para sa smartphone kung pipirma ng set na kontrata sa ○○", ngunit ang aktuwal na bayarin ay hindi kasing mura ng inaasahang halaga.

Bago pumirma ng kontrata sa smartphone, anu-ano ang mga bagay na dapat kumpirmahin?

Inedit at inilathala ng: NCAC 国民生活センター NATIONAL CONSUMER AFFAIRS CENTER OF JAPAN

Ang mga sagot ay nasa likuran

# Q Talaga bang kailangan ninyo ng set na kontrata na ito? ☐ Oo ☐ Hindi

- Bago pumirma ng kontrata, isipin nang mabuti kung talagang kailangan ninyo ang kontratang ito.
  Maliban sa optic fiber, may mga pagkakataon din kung saan aalukin kayong pumirma ng kontrata sa kuryente at gas dahil “mas mura kung gagawing set” ito.
- Kumpirmahin din nang mabuti ang mga detalye ng mga kondisyon ng kontrata, plano sa pagbabayad, atbp. bago pumirma ng kontrata.




**Kumpirmahin muli ang mga sumusunod.**

- Ang iniaalok bang set na kontrata sa smartphone na kontrata sa optic fiber, kuryente, gas, atbp. ay kailangan ninyo sa kasalukuyan at sa hinaharap?
- Nagiging sanhi ng problema ang pagpapasiya batay lamang sa sales talk na “magiging mura”. Malinaw ba ninyong nauunawaan ang mga detalye at kondisyon para maging mura?
- Anu-ano ang mga serbisyong kabilang sa mga kondisyon ng kontrata at plano sa pagbabayad?
- Maiisip ba ninyo ang partikular na aktuwal na halagang papasanin ninyo para sa panimulang bayarin, buwanang bayarin, atbp.?
- Nakumpirma ba ninyo ang cancellation fee kapag hindi na kailangan ang serbisyo ng kontratang pinirmahan? at iba pa

☞ Kapag may bagay na hindi maunawaan, kumpirmahin ito sa pamamagitan ng pagtatanong sa kumpanya kahit ilang beses.

☞ Kapag hindi maunawaan ang paliwanag ng staff, huwag pumirma ng kontrata at pansamantalang umuwi.

☞ Kapag may pag-aalala, kumonsulta sa mga taong malapit sa inyo.

Inedit at inilathala ng Public Relations Department, National Consumer Affairs Center of Japan
(Corporate Number: 4021005002918)
3-13-22, Takanawa, Minato-ku, Tokyo 108-8602, Japan
Dinisenyo at isinalin ng Interbooks, Co. Ltd.

Marso 2024 inilathala